



REPUBLIKA NG PILIPINAS  
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA  
KALAKHANG MAYNILA

Telephone no. 861-0181/ Fax: 862-6473  
Email address: sangguniangpanlungsod2k16@gmail.com



**KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 18-229**

**KAUTUSAN NA INA-AMYENDAHAN ANG KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 16-013 NA MAY TITULONG, "KAUTUSAN NA NAGKAKALOOB NG INSENTIBO (CASH INCENTIVE/REWARD) PARA SA MGA MANLALARO/ATLETA NA MAGKAKAMIT NG MATAAS NA KARANGALAN SA MGA PANDAIGDIGAN, PAMBANSA, PANLALAWIGAN, PAANYAYA NG PALIGSAHAN O PALARO, NA OPISYAL NA NILAHUKAN AT KUMAKATAWAN SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA."**

\*\*\*\*\*

- Ipinanukala ni:
- Kgg. Pang. Punonglungsod Celso C. Dioko**
  - Kgg. Kon. Kenichi D.A. Takagi, Jr. - SK**
  - Kgg. Kon. Mgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
  - Kgg. Kon. Bal Niefes**
  - Kgg. Kon. Stephanie G. Teves**
  - Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon**
  - Kgg. Kon. Ringo A. Teves**
  - Kgg. Kon. Louisito A. Arciaga**
  - Kgg. Kon. Alexander B. Diaz**
  - Kgg. Kon. Ivey Rhia Arciaga-Tadefa**
  - Kgg. Kon. Ma. Dhesiree G. Arevalo**
  - Kgg. Kon. Marissa Cole-Rongavilla**
  - Kgg. Kon. Mark Lester M. Baes**
  - Kgg. Kon. Lucio B. Constantino**
  - Kgg. Kon. Victor L. Ulanday**
  - Kgg. Kon. Grace B. Gonzaga**
  - Kgg. Kon. Walter A. Arcilla - ABC**

\*\*\*\*\*


**SAPAGKAT**, ang mandato ng Youth and Sports Development Office (YASDO) ay ang pagsasagawa at pagpapatupad ng "Sports Training Program" sa tulong at pamamatnubay ng mga Tagapagsanay (Coaches) na makapaghuhubog ng mga magagaling na manlalaro/atleta na makapagbibigay ng karangalan sa ating Lungsod;

**SAPAGKAT**, ang pagkakaroon ng mga magagaling na manlalaro/atleta na nagwawagi at nagbibigay ng karangalan sa mga Pandaigdigan (International Competition), Pambansa (National Competition) at Panlalawigan (Regional Competition) at Paanyaya (Invitational Competition) ay malaking kontribusyon sa larangan ng isports hindi lamang sa bansa kundi sa Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT**, ang insentibong matatanggap mula sa Pamahalaang Lungsod ay makakatulong ng lubos sa mga gastusin bilang manlalaro sa panahon ng kanyang pagsasanay at maging sa araw ng kompetisyon;

**SAPAGKAT**, upang maitaas ang antas ng kalidad at galing ng mga manlalaro gayundin ang paghimok sa kanila na magpursigi at maging magaling na manlalaro at magbigay ng karangalan sa ating Lungsod kailangang magkaroon na insentibo ang mga nabanggit sa itaas;

**NGAYON DAHIL DITO, ISINASABATAS AT MULING ISASABATAS**, ng 8<sup>TH</sup> Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang mga sumusunod:





REPUBLIKA NG PILIPINAS  
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA  
KALAKHANG MAYNILA

Telephone no. 861-0181/ Fax: 862-6473  
Email address: sangguniangpanlungsod2k16@gmail.com



**Pahina 2**  
**Kautusang Panlungsod Bilang 18-229**

**SEKSIYON 1. Titulo** – Ang Kautusang ito ay nagkakaloob ng insentibo (cash incentive/rewards) para sa mga manlalaro/atleta na magkakamit ng mataas na karangalan sa mga pandaigdigan, pambansa, panlalawigan, paanyaya ng paligsahan o palaro, na opisyal na nilahukan at kumakatawan sa Lungsod ng Muntinlupa.

**SEKSIYON 2. Kahulugan ng mga salita** – Ang mga sumusunod na salita ay mangangahulugan ayon sa isinasaad ng Kautusang ito.

- a. **Pandaigdigang Paligsahan (International Competition)** – paligsahan na isinasagawa sa labas at loob ng bansa tulad ng Olympic, Games, SEA Games, ASIAN Games, World Championship, Other Invitational International Competition at International Olympic Committee (IOC) na pinagtibay ng Pamahalaang Lokal ng lahukan ng mga manlalaro. Ito ay karaniwang ginaganap tuwing isa hanggang apat na taon na pagitan.
- b. **Pambansang Paligsahan (National Competition)** – paligsahan na isinasagawa sa loob ng bansa na katunggali ay mula sa iba't-ibang lugar sa Pilipinas tulad ng Philippine National Games (PNG) National Finals, Philippine Youth Games/Batang Pinoy National Finals, Palarong Pambansa na lalahukan ng mga manlalaro. Ito ay taunang ginaganap na palaro.
- c. **Panlalawigang Paligsahan (Regional Competition)** – paligsahan na isinasagawa sa loob ng bansa na lalahukan ng labing tatlong (13) rehiyon tulad ng Regional Competition, Philippine Youth Games Qualifies (Batang Pinoy Luzon Leg), Philippine National Games Qualifiers (Luzon).
- d. **Lokal na Pang-anyayahang Pagligsahan (Local Invitational Competitions)** – paligsahan na isinasagawa sa mga lugar nasa NCR o kalapit na Lungsod o probinsya, kung saan ito ay may opisyal na paanyaya sa lokal na Pamahalaan na may direktiba at pagsang-ayon na ito ay lahukan.
- e. International na Pang-anyayahang Paligsahan (International Invitational Competition) paligsahan na isinasagawa sa labas o loob ng bansa na nilalahukan ng mga manlalaro/atleta mula sa ibat-ibang bansa.
- f. **Manlalaro/Atleta (Athlete) na nagwagi** – taong nagkamit ng mga medalya o tropeo (ginto, pilak, tanso) sa mga paligsahan na nabanggit.
- g. **Tagapagsanay (Coach)** – taong rehistrado sa Tanggapan ng YASDO at Department of Education na nagbibigay ng panahon, karagdagan kaalaman at pamamaraan at lakas paglalaro sa panahon ng pagsasanay at kompetisyon.
- h. **Pang-isahangPang-dalawahang Palaro (Individual/Dual Sports)** – mga palaro o paligsahan na lalahukan lamang ng isang manlalaro ayon sa kategorya na isasaad ng kompetisyon.



REPUBLIKA NG PILIPINAS  
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA  
KALAKHANG MAYNILA

Telephone no. 861-0181/ Fax: 862-6473  
Email address: sangguniangpanlungsod2k16@gmail.com



**Pahina 3**  
**Kautusang Panlungsod Bilang 18-229**

- i. **Koponang Palaro (Team Sports)** - mga palaro o paligsahan na lalahukan ng mahigit sa limang manlalaro ayon sa kategorya na isasaad ng kompetisyon.

**SEKSIYON 3. Sakop.**

3.1. Mga manlalarong nagwagi na kumatawan sa Lungsod ng Muntinlupa na nagkamit ng medalya o karangalan sa mga iba't-ibang paligsahan na pinagtibay ng Philippine Sports Commission (PSC), International Olympic Committee, National Sports Association (NSA) at Pamahalaang Lungsod.

3.2. Mga manlalarong nagwagi at tagapagsanay na bahagi ng ipinatutupad ng Youth Affairs and Sports nDevelopment Office na **"Sports Training Program"**.

3.3. Maaring tumanggap din ng insentibo ang mga manlalaro na nagkamit ng karangalan na sila ay kumatawan sa ating bansa, ngunit kailangan sila ay naninirahan ng hindi baba sa isang (1) taon sa ating Lungsod.

**SEKSIYON 4. Halaga ng insentibong ipagkakaloob.**

4.1. Ang magiging batayan ng halaga ng insentibong ipagkakaloob ay ang mga sumusunod:

**A. Pandaigdigang Paligsahan ( International Competition)**

1. *Pang-Isahan/Pangdalawahang Palaro (Individual/Dual Sports)*

**Olympics Games**  
**( Tuwing Ika – Apat na Taon nagaganap ang palaro)**

Gintong Medalya	Php500,000.00
Pilak na Medalya	250,000.00
Tanso na Medalya	100,000.00

**World Championship**  
**(Taon-taon Nagaganap ang palaro)**

Gintong Medalya	Php50,000.00
Pilak na Medalya	25,000.00
Tanso na Medalya	10,000.00



REPUBLIKA NG PILIPINAS  
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA  
KALAKHANG MAYNILA

Telephone no. 861-0181/ Fax: 862-6473  
Email address: sangguniangpanlungsod2k16@gmail.com



**Pahina 4**  
**Kautusang Panlungsod Bilang 18-229**

**ASIAN Games**

*(Tuwing ika – apat na taon nagaganap ang palaro)*

Gintong Medalya	Php100,000.00
Pilak na Medalya	50,000.00
Tanso na Medalya	25,000.00

**SEA at ASEAN Games**

*(Tuwing ika–dalawang taon nagaganap ang palaro)*

Gintong Medalya	Php 30,000.00
Pilak na Medalya	20,000.00
Tanso na Medalya	10,000.00

**ASIAN Para sa Games**

Gintong Medalya	Php50,000.00
Pilak na Medalya	25,000.00
Tanso na Medalya	10,000.00

**KOPONAN NA PALARO (TEAM SPORTS)** - Sa mga palaro o paligsahan na may hindi bababa sa limang (5) manlalaro ay tatanggap ng limampung porsiyento (50%) na halaga ng insentibo para sa pang-isahan/pang-dalawahang palaro sa bawat isang manlalaro/atleta.

**B. PAMBANSANG PALIGSAHAN** - *National Competition, Individual Sports, (Taon Taon nagaganap ang palaro).*

- a. *Philippine National Games (National Finals)*
- b. *Philippine Youth Games /Batang Pinoy (National Finals)*
- k. *Palarong Pambansa*

**Pang isahan/Pang-dalawahang na Insentibo sa Manlalaro**  
*( Individual/Dual Sports )*

Gintong Medalya	Php 5,000.00
Pilak na Medalya	Php 3,000.00
Tanso na Medalya	Php 2,000.00

**Koponan na Palaro**  
*(Team Sports)*

Gintong Medalya	Php 3,000.00 bawat manlalaro sa koponan na palaro
Pilak na Medalya	Php 2,000.00 bawat manlalaro sa koponan na palaro
Tanso na Medalya	Php 1,000.00 bawat manlalaro sa koponan na palaro

**K. PANLALAWIGAN NA PALIGSAHAN (Regional Competitions)**

- a. *Philippine National Games (Luzon Leg)*
- b. *Philippines Youth Games/Batang Pinoy (Luzon/NCR Leg)*
- k. *National Capital Region Palaro (NCR Palaro)*



REPUBLIKA NG PILIPINAS  
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA  
KALAKHANG MAYNILA

Telephone no. 861-0181/ Fax: 862-6473  
Email address: sangguniangpanlungsod2k16@gmail.com



Pahina 5  
Kautusang Panlungsod Bilang 18-229

**Pang isahan/Pang-dalawahan na Insentibo sa Manlalaro**  
(Individual Sports)

Gintong Medalya	Php 2,500.00
Pilak na Medalya	Php 1,200.00
Tanso na Medalya	Php 800.00

**Koponan na Palaro**  
(Team Sports)

Gintong Medalya	Php 1,200.00 bawat manlalaro sa koponan na palaro
Pilak na Medalya	Php 800.00 bawat manlalaro sa koponan na palaro
Tanso na Medalya	Php 500.00 bawat manlalaro sa koponan na palaro

**D. LOKAL NA PANG-ANYAYAHANG PALIGSAHAN** (Local Invitational Competitions) - na nakapaloob sa mga palarong may alokasyon sa Annual Investment Plan (AI) kada taon.

**Pang isahan/Pang-Dalawahan na Insentibo sa Manlalaro**  
(Individual/Dual Sports)

Gintong Medalya	Php 1,500.00
Pilak na Medalya	Php 1,000.00
Tanso na Medalya	Php 500.00

**Koponan na Palaro**  
(Team Sports)

Gintong Medalya	Php 1,000.00 bawat manlalaro sa koponan na palaro
Pilak na Medalya	Php 800.00 bawat manlalaro sa koponan na palaro
Tanso na Medalya	Php 500.00 bawat manlalaro sa koponan na palaro

**E. INTERNATIONAL NA PANG-ANYAYAHANG PALIGSAHAN** (International Invitational Competition) - Ito ay kompetisyon o paligsahan sa labas ng bansa na may opisyal na paanyaya sa lokal na Pamahalaan na may direktiba at pag-sang-ayon na ito ay lalahukan.

**a. Walo (8) pataas na bansang kalahok**

**Pang-isahan/Pang-dalawahan ng Insentibo sa Manlalaro**  
(Individual/Dual Sports)

Gintong Medalya	Php15,000.00
Pilak na Medalya	10,000.00
Tanso na Medalya	7,500.00

**Koponan na Palaro**  
(Team Sports)

Gintong Medalya	Php 7,500.00 bawat manlalaro sa koponan na palaro
Pilak na Medalya	Php 5,000.00 bawat manlalaro sa koponan na palaro
Tanso na Medalya	Php 3,750.00 bawat manlalaro sa koponan na palaro



REPUBLIKA NG PILIPINAS  
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA  
KALAKHANG MAYNILA

Telephone no. 861-0181/ Fax: 862-6473  
Email address: sangguniangpanlungsod2k16@gmail.com



**Pahina 6**  
**Kautusang Panlungsod Bilang 18-229**

**b. Pito (7) pababa na bansang kalahok**

**Pang-isahan/Pang-Dalawahan na Insentibo sa Manlalaro**  
**(Individual/Dual Sports)**

Gintong Medalya	Php10,000.00
Pilak na Medalya	7,500.00
Tanso na Medalya	5,000.00

**Koponan na Palaro**  
**(Team Sports)**

Gintong Medalya	Php 5,000.00 bawat manlalaro sa koponan na palaro
Pilak na Medalya	Php 3,750.00 bawat manlalaro sa koponan na palaro
Tanso na Medalya	Php 2,500.00 bawat manlalaro sa koponan na palaro

**SEKSIYON 5. Paraan ng pagkakaloob ng insentibo**

**5.1.** Ang mga tagapagsanay ay magsusumite "official result" sa Tanggapan ng YASDO na naglalaman ng bilang ng medalyang nakamit ng bawat manlalaro na pinatunayan ng ahensiya na nagpapalaro.

**5.2.** Ang halaga ng insentibo ay ipagkakaloob ng Pamahalaang Lungsod ay magbase sa nakasaad sa **Seksiyon 4** ng Kautusang ito.

**5.3.** Ang isang manlalaro/atleta ay maaaring tumanggap ng insentibo hanggang tatlong (3) beses lamang sa bawat kategorya ng isang paligsahan. Ang magiging batayan ng kanyang insentibo ay ang pinakamataas na medalya nakamit ng isang manlalaro/atleta.

**5.4.** Ang bawat tagapagsanay ay maaaring tumanggap ng insentibo ayon sa halaga ng pinakamataas na insentibo matatanggap ng kanyang manlalaro/atleta. Nakapaloob sa Implementing Rules and Regulation ang magiging batayan sa pagkakaloob ng insentibo.

**SEKSIYON 6. Pagmumulan ng Pondo** – Ang pondo ay kukunin sa taun-taon sa nakalaang aproprasyon ng General Fund-Special Activity Fund (SAF).

**SEKSIYON 7.** Ang tanggapan ng **Ehekutibo** sa pamamagitan ng **Youth Affairs and Sports Development Office (YASDO)** ang siyang maghahanda/gagawa ng **Implementing Rules and Regulation (IRR)** at **Pamantayan (Guidelines)** sang-ayon sa nilalaman ng Kautusang ito.

**SEKSIYON 8.** Ang nasabing **Implementing Rules and Regulation (IRR)** ay **muling ibabalik** sa Sangguniang Panlungsod matapos na ito ay magawa/maianda para sa pagrepaso at pag-aaprubang nito.

**SEKSIYON 9. Sugnay ng Pagpapawalang Bisa** – Alinmang kautusan o kapasayahang taliwas sa mga probisyon ng Kautusang ito ay pinawawalang bisa.



REPUBLIKA NG PILIPINAS  
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA  
KALAKHANG MAYNILA

Telephone no. 861-0181/ Fax: 862-6473  
Email address: sangguniangpanlungsod2k16@gmail.com



**Pahina 7**  
**Kautusang Panlungsod Bilang 18-229**

**SEKSIYON 10. Bisa** - Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos na ito ay mapagtibay.

**PINAGTIBAY**, ng 8<sup>th</sup> **Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa**, ngayong **ika-3 ng Disyembre, 2018**, sa kanilang **99<sup>th</sup> Regular na Pagpupulong**.

**SINANG-AYUNAN:**

**DISTRITO I:**

**KON. MggI. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**  
*Miyembro*

**KON. BAL NIEFES**  
*Miyembro*

**KON. STEPHANIE G. TEVES**  
*Miyembro*

**KON. ALLAN REY A. CAMILON**  
*Miyembro*

**KON. RINGO A. TEVES**  
*Miyembro*

**KON. LOUISITO A. ARCIAGA**  
*Miyembro*

**KON. ALEXANDER B. DIAZ**  
*Miyembro*

**KON. IVEE RHIA ARCIAGA-TADEFA**  
*Miyembro*

**DISTRITO II:**

**KON. MA. DHESIREE G. AREVALO**  
*Miyembro*

**KON. MARISSA COLE-RONGAVILLA**  
*Miyembro*

**KON. MARK LESTER M. BAES**  
*Miyembro*

**KON. LUCIO B. CONSTANTINO**  
*Miyembro*



REPUBLIKA NG PILIPINAS  
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA  
KALAKHANG MAYNILA

Telephone no. 861-0181/ Fax: 862-6473  
Email address: sangguniangpanlungsod2k16@gmail.com



**Pahina 8**  
**Kautusang Panlungsod Bilang 18-229**

*[Signature]*  
**KON. VICTOR L. ULANDAY**  
Miyembro

*[Signature]*  
**KON. GRACE B. GONZAGA**  
Miyembro

*[Signature]*  
**KON. WALTER A. ARCILLA**  
Kinatawan ng Sektor  
Pangulo  
Liga ng mga Punongbarangay

*[Signature]*  
**KON. KENICHI D.A. TAKAGI, JR.**  
Kinatawan ng Sektor  
Pangulo  
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**PINATOTOTOHANAN KO, ang katumpakan ng Kautusang ito.**

*[Signature]*  
**CECILIA C. LAZARTE**  
Kalihim ng Sanggunian

**PINATUTUNAYAN:**

*[Signature]*  
**CELSO C. DIKO**  
Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY:**

*[Signature]*  
**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**  
Punonglungsod

Petsa: 23 DEC 2018

**Norie/8<sup>th</sup> SP**

